
## Ano ang prostate?

Ang prostate ay isang maliit na glandulang matatagpuan sa ilalim ng pantog at sa unahan ng tumbong ng lalaki. Pinapalibutan nito ang urethra, ang daanan mula sa pantog, patungo sa ari kung saan lumalabas ang ihi at semilya.

Ang glandula ng prostate ay bahagi ng sistemang reproduktibo ng lalaki. Ang prostate ay gumagawa ng ilan sa mga likido na bumubuo sa semilya, na nagpapayaman at nagpoprotekta sa tamud. Ang prostate ay nangangailangan ng male hormone na testosterone para lumaki at umunlad. Ang testosterone ay ginagawa ng mga bayag (testicles).

Sa isang lalaking may sapat na gulang, ang glandula ng prostate ay karaniwang kasing-laki ng walnut at normal lang na ito ay mas lumaki pa habang tumatanda ang lalaki. Minsan ito ay maaaring magdulot ng mga problema, gaya halimbawa ng kahirapan sa pag-ihi.

**Ang sistemang reproduktibo ng lalaki**




## Para sa higit pang impormasyon at suporta maaari kang:

**Makipag-ugnayan sa amin:** Narito ang PCFA upang makatulong. Tumawag sa amin sa **1800 22 00 99** o mag-email sa amin sa **enquiries@pcfa.org.au**

**Alamin ang higit pa:** Ang PCFA ay may hanay ng mga mapagkukunang batay sa ebidensya para sa mga lalaking may kanser sa prostate at kanilang mga pamilya. Bisitahin ang: **pcfa.org.au**

**Sumali sa isang sumusuportang grupo:** Pinagsasama-sama ng mga sumusuportang grupo sa buong bansa ang mga lalaki at babae na apektado ng kanser sa prostate. Upang makahanap ng isang sumusuportang grupo, bisitahin ang: **pcfa.org.au/support/find-a-support-group**

**Sumali sa online na komunidad:** Pinamumunuan ng PCFA ang pinakamalaking online na grupo sa Australya na nakatuon sa pagkonekta sa mga taong naapektuhan ng kanser sa prostate. Maaari kang sumali sa online na komunidad gamit ang link na ito: **onlinecommunity.pcfa.org.au**

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser sa prostate, bisitahin ang:**

**Cancer Australia:** www.canceraustralia.gov.au/affected-cancer/cancer-types/prostate-cancer
**Cancer Council Australia:** cancer.org.au/about-cancer/types-of-cancer/prostate-cancer
**Healthy Male Andrology Australia:** healthymale.org.au/mens-health/prostate-cancer

**Para sa karagdagang suporta, makipag-ugnayan sa:**

**MensLine Australia:** mensline.org.au
**Beyond Blue:** beyondblue.org.au
**Lifeline Australia:** lifeline.org.au

**Prostate Cancer Foundation of Australia (PCFA)**

Kami ang nangungunang organisasyon sa Australya na nakatalaga sa komunidad para sa pananaliksik, kamalayan, at suporta sa kanser sa prostate. Bilang nangungunang pondong pang-kawanggawa sa bansa para sa pananaliksik sa kanser sa prostate na nakatalaga sa Australya, narito kami upang protektahan ang kalusugan ng mga kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ng kalalakihan sa Australya at upang mapabuti ang kalidad ng buhay para sa mga lalaki at pamilyang Australyano na apektado ng kanser sa prostate.

Ang aming hinahangad ay isang kinabukasan kung saan walang taong mamamatay sa kanser sa prostate at ang mga lalaking Australyano at kanilang mga pamilya ay makakakuha ng suportang kailangan nila.

Para sa karagdagang impormasyon o para magbigay ng donasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa: **1800 22 00 99** (toll free) o bisitahin ang: **pcfa.org.au**

Prostate Cancer Foundation of Australia



FILIPINO

# Ano ang dapat mong malaman tungkol sa kanser sa prostate

Prostate Cancer Foundation of Australia

# Ano ang dapat mong malaman tungkol sa kanser sa prostate

## Ano ang sakit sa prostate?

Maaaring makaapektuhan ng iba't ibang mga sakit ang glandula ng prostate. Mas karaniwan ang mga ito habang ikaw ay tumatanda. Mga kalahati ng lahat ng kalalakihan ang magkakaroon ng sakit sa prostate sa edad na 70.

Ang sakit sa prostate ay kadalasang nagdudulot ng mga sintomas sa pag-ihi gaya ng kahirapang umihi, pangangailangang umihi nang mas madalas, masakit na pag-ihi, o pakiramdam na hindi mo ganap na mailabas ang laman ng iyong pantog.

**Benign prostatic hyperplasia (BPH) o lumaking prostate:** Ito ay isang pangkaraniwang kondisyon na nangyayari kapag lumalaki ang prostate sa pagtanda. Maaari itong makaapekto sa pag-ihi. Ito ay ginagamot sa pamamagitan ng mga gamot o operasyon.

**Prostatitis (impeksyon o pamamaga):** Ang prostatitis ay nangyayari kapag ang glandula ng prostate ay namamaga at sumasakit. Ito ay maaaring napakasakit at sanhi ng mas madalas na pag-ihi. Maaari itong gamutin sa pamamagitan ng antibiyotiko, iba pang mga gamot o operasyon.

## Ano ang kanser sa prostate

Ang kanser sa prostate ay nangyayari kapag ang mga abnormal na selula ay nabuo at lumalaki sa prostate. Ang mga abnormal na selulang ito ay maaaring patuloy na dumami nang hindi makontrol at kung minsan ay kumalat sa labas ng prostate sa malapit o malalayong bahagi ng katawan.

Sa karamihan ng mga lalaki, ang kanser sa prostate ay isang mabagal lumagong sakit. Kung nananatili ito sa loob ng glandula ng prostate at mabagal na lumalaki, maaaring hindi ito magdulot ng problema.

Gayunpaman, sa ilang mga lalaki ang kanser ay maaaring lumaki nang mas mabilis at maaaring magdulot ng mga problema na makaapekto sa inaasahang tagal ng buhay.

Kapag ang mga selula ng kanser ay kumalat sa labas ng prostate patungo sa ibang bahagi ng katawan, ito ay kilala bilang advanced o metastatic na kanser sa prostate.

### Sino ang nagkakasakit ng kanser sa prostate?

Ang kanser sa prostate ang pinakakaraniwang nadidiyagnos na kanser sa mga lalaking Australyano, na may humigit-kumulang 17,000 kalalakihan na bagong nadidiyagnos bawat taon. Mahigit sa 3000 lalaking Australyano ang namamatay dahil sa kanser sa prostate bawat taon.

Ang kanser sa prostate ay isa sa may pinakamataas na antas ng kaligtasan ng buhay sa lahat ng mga kanser, kung saan 95% ng mga lalaki ay malamang na makaligtas ng limang taon o higit pa. Humigit-kumulang 220,000 lalaking Australyano ang nabubuhay ngayon pagkatapos madiyagnos ng kanser sa prostate.

**Mayroong dalawang napatunayang salik ng panganib na maaaring magpalaki ng tsansang magkaroon ng kanser sa prostate:**

**Edad:** Ang panganib na magkaroon ng kanser sa prostate ay nadaragdagan sa pagtanda. Ang panganib na magkaroon ng kanser sa prostate sa edad na 75 ay 1 sa 7 lalaki. Sa pagsapit ng edad na 85, tataas ito ng 1 sa 6 na lalaki.

**Kasaysayan ng pamilya:** Mas mataas ang tsansa mong magkaroon ng kanser sa prostate kung mayroon kang ama, kapatid o anak na lalaki na nadiyagnos na may kanser sa prostate. Ang panganib ay tataas muli kung higit sa isang malapit na kamag-anak ang may kanser sa prostate. Ang mga panganib ay mas mataas din para sa mga lalaki na ang mga kamag-anak ay nadiyagnos habang bata pa. Ang kasaysayan ng pamilya sa iba pang mga kanser, tulad ng mga kanser sa suso at obaryo, ay maaari ring magdagdag sa iyong panganib na magkaroon ng kanser sa prostate.

## What are the symptoms of prostate cancer?

Sa mga unang yugto ng kanser sa prostate, maaaring walang sintomas. Sa mga huling yugto, maaaring kabilang sa ilang mga sintomas ang:

- nakakaramdam ng madalas o biglaang pangangailangang umihi
- nahihirapang umihi (halimbawa, problema sa pagsisimula o hindi makaihi kahit ihing-ihi na o may mahinang daloy ng ihi)
- walang ginhawa kapag umiihi
- may nakikitang dugo sa ihi o semilya
- pananakit sa ibabang likod, itaas ng hita o balakang.

Marami sa mga sintomas na ito ay karaniwan lang. Maaaring hindi nangangahulugang ang mga ito na mayroon kang kanser sa prostate. Ngunit kung nag-aalala ka tungkol sa iyong mga sintomas, mahalagang makipag-usap ka sa iyong doktor.

## Paano nadidiyagnos ang kanser sa prostate?

Karaniwang magsasagawa ang doktor ng PSA blood test at maaari ring magsagawa ng pisikal na pagsusuri at/o MRI scan upang suriin ang kalusugan ng prostate. Kung ang mga pagsusuring ito ay nagpapahiwatig ng posibilidad ng kanser sa prostate, maaaring kailanganin mo ng biopsy.

**Prostate specific antigen (PSA) blood test**

Ang PSA ay isang protina na ginagawa ng glandula ng prostate. Ang mas mataas sa normal na antas ng PSA ay maaaring nagpapahiwatig ng kanser sa prostate. Gayunpaman, ang mataas na resulta ng PSA test ay hindi nangangahulugan ng kanser dahil maaari ring magpataas ng mga antas ng PSA ang ibang mga kondisyon sa prostate.

**Digital rectal examination (DRE)**

Nasasalat ng doktor ang laki at hugis ng glandula ng prostate sa pamamagitan ng pagpasok ng naka-guwantes na daliring may pampadulas sa loob ng tumbong ng pasyente. Minsan ang kanser sa prostate ay maaaring masalat sa ganitong paraan, ngunit ang normal na resulta ng DRE ay hindi nangangahulugan na walang kanser sa prostate.

**Magnetic resonance imaging (MRI) scan**

Ang MRI ay isang pag-scan upang masuri ang laki ng prostate at hanapin ang anumang bahaging abnormal. Ito ay isinasagawa bilang isang outpatient procedure (hindi kailangan na ipasok ka sa ospital). Hihiga ka sa isang espesyal na kama na dumadaan sa isang makitid na lagusan habang kumukuha ng scan. Kung mayroon kang di maipaliwanag na takot sa mga kulob na lugar o claustrophobia, maaaring kailangan kang patulugin para sa scan na ito. Mahalagang sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang mga metal na implant (hal. mga turnilyo o plate) sa iyong katawan o mga medikal na device (hal. pacemaker o cochlear implant), o kung nagkaroon ka ng operasyon sa kasukasuan (joint surgery).

**Biopsy**

Ang biopsy ay isang pamamaraan kung saan ang isang karayom ay ginagamit upang kumuha ng maramihang maliliit na sample ng tisyu mula sa prostate. Ang mga sample ay ipadadala sa laboratoryo upang masuri. Ipinapakita nito kung ang mga selula sa prostate ay malignant (magiging kanser) o benign (hindi magiging kanser). Ang biopsy ang tanging paraan upang makagawa ng tiyak na diyagnosis ng kanser sa prostate.

### Paano ginagamot ang kanser sa prostate?

Maraming iba't ibang mga paggamot na magagamit para sa kanser sa prostate. Ang uri ng paggamot na ibibigay ay depende sa resulta ng iyong PSA, ang grade at stage ng iyong kanser (kung gaano ito kabilis lumaki at kung gaano kalayo na ito kumalat sa labas ng prostate), ang iyong mga sintomas, ang iyong pangkalahatang kalusugan at ang iyong mga personal na kagustuhan.

Kung mababa ang panganib na mapinsala ka ng iyong kanser sa prostate, maaari kang alukin ng Active Surveillance. Ito ay madalas na pagsusuri upang makita kung may anumang mga pagbabago sa kanser. Kung nagbabago ang kanser, maaaring kailanganin mo ng paggamot.

Kung mas mataas ang panganib ng iyong kanser, aalukin ka ng paggamot. Ang iba't ibang paggamot ay may magkakaibang mga side effect na ang ilan ay kinabibilangan ng mga problema sa pag-ihi, nahihirapang tigasan at labasan ng semilya, mga problema sa pagdumi, pagkahapo, depresyon at pagkabalisa.

Maaaring kailanganin mong makipagkita sa iba't ibang mga espesyalista sa kanser tulad ng isang urologist, radiation oncologist at/o medikal na oncologist upang talakayin ang iyong mga opsyon sa paggamot.

Higit pang impormasyon ang matatagpuan sa *Prostate cancer – a guide for newly-diagnosed men* na maida-download mula sa **pcfa.org.au.**

**Dapat ba akong magkaroon ng PSA test?**

Ang mga lalaking mahigit sa edad na 50, o 40 na may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa prostate, ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa pagpapasuri para sa kanser sa prostate gamit ang PSA test bilang bahagi ng kanilang regular na pagsusuri sa kalusugan.

Ang mga lalaki ay dapat gumawa ng may-kaalamang desisyon tungkol sa pagpapasuri batay sa pinakabagong makukuhang ebidensya tungkol sa mga benepisyo at posibleng pinsalang dulot ng pagsusuri at ang kasunod na paggamot para sa kanser sa prostate.

Higit pang impormasyon sa PSA testing ay matatagpuan sa **pcfa.org.au.**